Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*
*sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-DALAWANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA- 15 NG SETYEMBRE, 2025 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Hon. German S. Acosta | Municipal Vice Mayor/Presiding Officer |
| Hon. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Moses M. Osorio, Sr. | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Ramon G. Magbanua | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Romeo O. Fallaria | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Jerus Jade B. Reyes | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Nestor L. Eguillon | Sangguniang Bayan Member |
| Hon. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Hon. Aceron U. Calinog, Jr. | IPM Representative |
| Hon. Francis Dave C. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Hon. Roger M. Evangelio, Sr. | Sangguniang Bayan Member |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 25-09-302

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINOONG DOMINGUITO F. FERRANCO NG BARANGAY POBLACION, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member RAMON G. MAGBANUA**
Chairperson, Committee on Social Welfare and Community Development

Isponsor
**Sangguniang Bayan Member GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Chairperson, Committee on Good Government,
Public Ethics and Accountability

"**SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Setyembre 9, 2025 ang nagtakdang huling sandali ni Ginoong Dominguito F. Ferranco nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya at mga kaibigan;

"**SAPAGKAT,** si Kuya Doms, kung siya ay kilalang tawagin ng karamihan ay naging mabuting ama sa kanyang apat anak at mapagmahal na asawa para sa kanyang maybahay, ang kanyang kabutihan at pagmamahal ay patuloy niyang pinagyabong na ipadama ng mahabang panahon sa kanyang mga apo, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay tuluyan nang bawian ng buhay sa edad na 80 taong gulang;

PERLITA L. PAZ
KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS
KGG. ROMEO O. FALLARIA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. ACERON U. CALINOG, JR
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. MOSES M. OSORIO, SR.
KGG. NESTOR L. EGUILLON
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. JERUS JADE B. REYES
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. LUMELITO M. CABAGAY

**"SAPAGKAT,** sa mahabang panahon si Kuya Doms ay naglingkod bilang isang Telegraphic Operator sa Bayan ng Bulalacao kung saan ang kanyang sipag at galing ang siyang nagbigay ng malaking impluwesya at nagsilbing inspirasyon sa kanyang mga anak na maglingkod ng marangal sa pamahalaan at magbahagi ng kabutihan sa kapwa;

**"SAPAGKAT,** siya ang butihing ama ng dalawa sa kasalukuyang Head of Office ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao, ito ay ang mahusay na Municipal Budget Officer na si BB. Donnabel F. Ferranco at ang masipag na Municipal Social Welfare and Development Officer na si Bb. Dyna Krissle F. Cantos; at lahat ng tagumpay na ito kasama ang kahanga-hangang propesyon ng iba pang anak bilang isang guro at inhinyero ay naging masidhing kaligayahan ni Kuya Doms;

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginoong Dominguito F. Ferranco sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Pagpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginoong Dominguito F. Ferranco ng Barangay Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro,

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Guillermo G. Salas, Jr. na pinangalawahan ng lahat ng dumalo ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":** Setyembre 15, 2025 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. MOSES M. OSORIO, SR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOEJIE R. NARCISO**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ROMEO O. FALLARIA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JERUS JADE B. REYES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. NESTOR L. EGUILLON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. ACERON U. CALINOG, JR.**
IPM Representative

**KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. LUMELITO M. CABAGAY**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 09-17-2025

160925/PLP/admm

CamScanner